


Anunsyo Hinggil sa Programa ng Tulong Pang-Edukasyon

Ang edukasyon ng Lungsod ng Kawasaki ay nakatuon sa layuning "pahintulutan ang bawat isa na magningning at sama-samang itaguyod ang kinabukasan". Ang Sistema Ng Subsidyo Sa Gastos Sa Paaralan ay dinisenyo upang magbigay ng pinansiyal na tulong sa mga mag-aaral na nakakaranas ng kahirapang pinansyal, na nagbibigay-daan sa kanila na makapag-aral sa mga pampamahalaang paaralang elementarya at junior high school. Ang mga subsidiyo nito ay sumasaklaw sa mga kinakailangang gastos kabilang ang mga bayarin para sa mga suplay sa paaralan at mga gastusin sa school trip.



1 Ang mga karapat-dapat para sa tulong sa matrikula

Ang mga sumasailalim sa alinman sa mga sumusunod na dahilan para sa aplikasyon (1 - 5) ay maaaring mag-aplay para sa Education Support Fee.



Bilang ng mga tao sa tahanan	Karaniwang halaga (Halagang sanggunian)
2 katao	Humigit kumulang 2.3 million yen
3 katao	Humigit kumulang 2.86 million yen
4 katao	Humigit kumulang 3.3 million yen
5 katao	Humigit kumulang 3.79 million yen
6 katao	Humigit kumulang 4.3 million yen
7 katao	Humigit kumulang 4.82 million yen
8 katao	Humigit kumulang 5.16 million yen

*3. Tingnan ang kalakip na "Mga dahilan at kinakailangang mga dokumento kung bakit nangangailangan ng tulong kahit na ang halaga ay lagpas sa sertipikadong pamantayan".

2. Nilalaman ng tulong (mga aytem at halaga ng mga subsidiyo sa gastos sa paaralan)

Support Fee Items	Elementary			Junior High School		
	Taon 1	Taon 2-5	Taon 6	Taon 1	Taon 2	Taon 3
Mga gastos sa school supplies/gastos sa pagpasok	11,630 yen	13,900 yen		22,730 yen	25,000 yen	
Extracurricular activity fee (★)	1,600 Yen			2,310 Yen		
Bayad sa paglahok sa Summer season facility		Aktwal na bayad sa gastos			Aktwal na bayad sa gastos	
Bayad sa paglahok sa Nature Classes (Bayad sa pagkain) (★)		5th grade lamang 4,000Yen		4,000 Yen		
Mga gastos sa pagko-commute	Mga aktwal na gastos na binayaran (kung nakatira sa loob ng distrito ng paaralan at nakatira nang higit sa 2km distansya lamang)			Mga aktwal na gastos na binayaran (kung nakatira sa loob ng distrito ng paaralan at nakatira nang higit sa 3km distansya lamang)		
Bayad sa paghahanda sa bagong pagpasok			63,000 Yen			
Mga bayarin sa school supplies para sa mga bagong estudyante	57,060 Yen			63,000 Yen		
Mga gastos sa school trips (★)			Aktwal na bayad sa gastos			Aktwal na bayad sa gastos
Bayad sa Club Activities				20,280 Yen	12,480 Yen	7,200 Yen
Graduation album fee, atbp.			Aktwal na bayad sa gastos			Aktwal na bayad sa gastos
Mga gastos sa mga karamdaman sa paaralan (★)	Aktwal na gastos					
Mga gastos sa school lunch	Aktwal na gastos (Sasaklawin ng lungsod ang aktwal na gastos pagkatapos makatanggap ng Education Support)					

* Ang halaga sa talahanayan ay ang aktwal na halaga sa 2025. [Ang halagang ibibigay sa 2026 ay mailathala sa "Abiso sa Resulta ng Pagiging Karapat-Dapat" na ipinadala sa mga naaprubahang aplikante sa pagkumpleto ng pagrerepaso.](#)

* Sa talahanayan sa itaas, [ang mga tinutukoy bilang "nangangailangan ng tulong" \(mga tatanggap ng suporta para sa kabuhayan\) ay magiging karapat-dapat lamang para sa mga aytem ng subsidiyo sa gastos sa paaralan na may marka na \(★\).](#)

* Ang lahat ng nakalalang halaga ay taunang halaga at sa pangkalahatan ay binabayaran ng tatlong beses bawat taon. Ang mga detalye ng pagbabayad ay matatagpuan sa "Abiso ng Pagbabayad ng Subsidiya para sa Gastusin sa Paaralan" na ipinadala sa lahat ng mga tatanggap sa bawat panahon ng pagbabayad. Bilang karagdagan, ang mga sertipikadong karapat-dapat sa kasalukuyang taon ay makakatanggap ng kautukang halaga batay sa kanilang pelsa ng pagpapasiya ng pagiging karapat-dapat.

* Ang sistemang ito ay nagbibigay ng mga subsidiyo na sumasaklaw sa mga gastos na nakalista sa itaas. Gayunpaman, hindi sakop ang anumang bayad sa matrikula.

* Ang aktwal na pagbabayad ng mga subsidiyo para sa iba't ibang mga gastos sa paaralan ay ipagkakaloob pagkatapos ng kumpirmasyon ng Lupong ng Edukasyon ng paaralan.

* Para sa "Bayad sa Partisipasyon sa Nature School," kung gagamitin ang mga pasilidad maliban sa Yatsugatake Youth Nature House, ang aktwal na gastos ay babayaran batay sa bayad sa pagkain ng bawat pasilidad.

* Ang "Bayad sa Pamasahé" ay naaangkop lamang sa mga mag-aaral na nakatira sa loob ng distrito ng paaralan o may mga espesyal na pangyayari at nagbibiyaha sa paaralan sa pamamagitan ng pampublikong transportasyon.

* Ang "Bayad para sa Kagamitang Pangpaaralan ng mga Bagong Nagpapatalang Mag-aaral" ay natalapat lamang sa mga pamilyang hindi nakatanggap ng "Mga Bagong Subsidiyo Sa Pagpapatala" sa nakaraang taon (kung naaangkop sa mga batang nasa preschool at sa mga mag-aaral sa ikaanim na baitang ng elementarya) at na sertipikadong karapat-dapat sa Abril 30.

* Ang "Gastusing Medikal Dulot ng Sakit na May Kaugnyan sa Paaralan" ay natalapat lamang sa mga sakit na may kaugnyan sa pag-aaral na nasuri at inirerekomenda para sa paggamot sa pamamagitan ng regular na pagsusuri sa kalusugan ng paaralan.

* Ang "Palibreng Pagkain sa Paaralan" ay ipatutupad alinsunod sa pambansang plano ng Japan simula sa 2026. Gayunpaman, maaaring kailanganin ninyong magbayad para sa mga pagkain hanggang sa ikaw ay maging sertipikadong karapat-dapat para sa mga bagong subsidiyo sa pagpapatala. [Tungkol sa pagbabayad ng "palibreng pagkain sa paaralan" o mga pagbabalik ng bayad para sa halagang binayaran matapos na masesertipikahan na karapat-dapat para sa subsidiyo ng gastos sa paaralan, mangyaring makipag-ugnay sa Healthy School Meals Promotion Office.](#)

* Ang mga nagsilikas mula sa mga lindol o malalaking kalamidad na naaprubahan para sa mga bagong subsidiyo sa pagpapatala ay kwalipikado para sa hiwalay na mga aytem ng tulong.

3. Mga Pamamaraan Ng Aplikasyon-Mga Pamamaraan Sa Pagbabayad

(1) Abiso ng mga resulta sa aplikasyon at pagrerepaso

Maaari mong isumite ang iyong aplikasyon sa online (eKAWASAKI) o sa pamamagitan ng aplikasyon na papel (sa pamamagitan ng koreo o sa personal).



Kategorya ng aplikasyon	Panahon ng aplikasyon	Tinatayang petsa ng abiso ng resulta ng pagrerepaso
Aplikasyon simula sa taon (nag-aaplay para sa mga subsidyo mula Ika-1 ng Abril).	Abril 1-Hunyo 1, 2026 (Kinakailangan ang tatak ng koreo para sa naka-koreo na Aplikasyon)	Sa pagtatapos ng Hulyo, huling bahagi ng Setyembre
Aplikasyon simula sa kasalukuyang taon (Aplikasyon na isinumite dahil sa paglitaw ng isang partikular na kaganapan)	Sa pagtatapos ng buwan kasunod ng paglitaw ng kaganapan (Kinakailangan ang tatak ng koreo para sa naka-koreo na Aplikasyon)	Anumang oras sa pagtatapos ng Setyembre, kalagitnaang Nobyembre, huling bahagi ng Enero, o huling bahagi ng Pebrero
Aplikasyon simula sa kasalukuyang taon (nag-aaplay para sa mga subsidyo mula sa buwan ng aplikasyon).	Anumang oras (Kinakailangan ang tatak ng koreo para sa naka-koreo na Aplikasyon)	Anumang oras sa pagtatapos ng Setyembre, kalagitnaang Nobyembre, huling bahagi ng Enero, o huling bahagi ng Pebrero

* Para sa mga aplikasyon na nagsisimula sa taon, ang mga taong karapat-dapat para sa pagpapatuloy na aplikasyon (ang mga sertipikadong karapat-dapat sa pagtatapos ng nakaraang taon) ay sa prinsipyo ay hindi kinakailangan na magsumite ng isang bagong aplikasyon (simula sa pagsusuri). Gayunpaman, maaaring kailanganin mong mag-apply muli at magsumite ng mga karagdagang dokumento kahit na karapat-dapat ka para sa pagpapatuloy kung nagbago ang kalagayan ng iyong pamilya mula noong nakaraang taon, hindi ka residente ng lungsod ng Kawasaki bago ang Enero 1, 2026, o ang iyong dahilan para sa aplikasyon sa taong ito ay 5.

* Mangyaring sumangguni sa mga Annexes para sa mga detalye sa pamamaraan ng aplikasyon.



(2) Abiso ng Pagbabayad at Detalye ng Pagbabayad

Karaniwan, ang mga subsidyo ay ibinibigay ng tatlong beses bawat taon (Agosto, Oktubre, Disyembre, at Marso). Ang isang abiso sa pagbabayad ay ipapadala kasama ang bawat pagbabayad. Ang dalas ng pagbabayad ay maaaring mag-iba depende sa petsa ng pagpapasiya ng pagiging karapat-dapat.

(3) Iba pang bagay

Sa kaso na ang iyong pagpapasiya ng pagiging karapat-dapat ay pansamantalang binawi dahil sa mga pagbabago sa mga kondisyon ng iyong pamilya sa loob ng isang taon, kakailanganin mong mag-aplay muli.

4. FAQ

Q1: Kung nag-apply ako para sa "Subsidyo para sa Gastusin sa Paaralan (agong Subsidyo ng Pagpapatala)" bago pumasok sa elementarya, kailangan ko bang mag-apply muli pagkatapos ng pagpapatala?
A1: Sa mga nabigong makakuha sa pagpapasiya ng pagiging karapat-dapat para sa "Subsidyo para sa Gastusin sa Paaralan (Bagong Subsidyo ng Pagpapatala)" ay dapat magsumite ng isang bagong aplikasyon.

Q2: Hindi ako sigurado kung ang sitwasyon ng aking pamilya ay nakakatugon sa mga pamantayan para sa isang "pagpapatuloy na aplikasyon".
A2: Kung ang nakapaloob na dokumento kasama ang iyong address ay nagpapahiwatig ng "pagpapatuloy na aplikasyon," karapat-dapat ka para sa aplikasyon.

Q3: Kung may mga magkakapatid, kinakailangan bang magsumite ng isang hiwalay na pormularyo ng aplikasyon para sa bawat bata?
A3: Mangyaring magsumite lamang ng isang pormularyo ng aplikasyon sa bawat pamilya.

Q4: Wala akong ideya sa pamamaraan ng aplikasyon sa online.
A4: maaari mong suriin ang pamamaraan ng aplikasyon sa website (URL sa ibaba), na naglalakip ng mga link sa mga dokumento ng aplikasyon.

Q5: Paano dapat isara o selyuhan ang sobre kapag ipinapadala sa koreo ang pormularyo ng aplikasyon?
A5: Kung nagsusumite ka ng isang aplikasyon sa papel, mangyaring magbigay ng iyong sariling sobre (na malinaw na nakalagay dito ang iyong return address at pangalan) at maglagay ng isang selyo.



Q6: Maaari ba akong mag-aplay gamit ang Ika-4 na Dahilan ng Aplikasyon (kita na mas mababa sa karaniwang halaga) sa kaso na wala akong pahiwatig kung ang kabuuang kita ng sambahayan mula sa nakaraang taon ay mas mababa sa karaniwang halaga?
A6: Para sa pamantayan ng "kabuuang kita ng sambahayan mula sa nakaraang taon", mangyaring sumangguni sa halagang nakalista sa ilalim ng "Halaga Pagkatapos ng Pagbabawas" sa iyong pahayag sa Pag-iingat ng Buwis o sa ilalim ng "Kabuuang kita" sa iyong ulat sa buwis. Maaari kang mag-aplay kung ang iyong kabuuang kita ng sambahayan ay mas mababa sa "kabuuang kita ng sambahayan (halaga ng sanggunian)" na ipinapakita sa talahanayan sa nakaraang pahina. Maaari ka pa ring mag-apply kahit na hindi ka sigurado kung ang iyong kabuuang kita sa sambahayan ay mas mababa sa karaniwang halaga.

Q7: kailan at Saan ako makakakuha ng sertipiko ng kita?
A7: maaari kang mag-aplay para dito sa shi, machi o mura kung saan ka nakarehistro bilang residente noong Enero 1. Sa karamihan ng mga kaso, ang sertipiko ng kita ay magagamit mula sa huling bahagi ng Mayo. Makipag-ugnayan po sa kaugnay na tanggapan sa inyong dating tirahan para sa mga katanungan.

Q8: Ang aking mga lolo't lola (kamag-anak) ay nakatira sa isang bahay para sa dalawang henerasyon na pamilya, at ang aking ama ay nagtatrabaho ng malayo sa bahay. Ang dalawang henerasyon na namumuhay nang hiwalay. Kailangan ba silang mabilang bilang parehong sambahayan para sa aplikasyon?
A8: Ang mga miyembro ng pamilya ay maaari ring isaalang-alang bilang parehong sambahayan para sa aplikasyon sa kaso na nakatira sila sa isang bahay para sa dalawang henerasyon na pamilya o sa parehong apartment ngunit namumuhay nang mag-isa, o sa kaso na sila ay nakikibahagi sa kita ng sambahayan kahit na nagtatrabaho ng malayo sa bahay o magkahiwalay na naninirahan.

Impormasyon sa pakikipag-ugnayan at impormasyon ng website para sa sanggunian

General Studies Support System

General Affairs Department - Academic Affairs Division

044-200-3736

Mga Gastos sa mga Karamdaman sa Paaralan -

School Education Department - Health and Education Division

044-200-3293

Mga Gastos sa School Lunch - Healthy School Lunch Promotion Office

044-200-2539

Home page: <https://www.city.kawasaki.jp/880/category/12-8-1-0-0-0-0-0-0.html>

English / 中文 / 한글 / Español / Português / ภาษาไทย / Ngữ văn Việt Nam / Filipino / नेपाली

